



International Behavior  
Analysis Organization

*Wise, Clean, Simple*

# Ang Etikal na Kasunduan ng IBAO

International Behavior  
Analysis Organization


2021 v100

Isinalin ni  
Princess Acosta

Noong Pebrero 2020, ang Professional Advisory Board ng International Behavior Analysis Board ay inorganisa sa ilang magkakaibang komite, na kung saan ang bawat isa ay may kinalaman sa paglikha ng mga bahagi para sa sertipikasyon ng mga IBA at IBT sa taong 2021. Ang bawat isa sa komite ng Etiko ay walang pagod na nagtrabaho upang magsaliksik, talakayin, pagdebatihan, at magsaliksik ng “ethical guide”, mga tuntunin mula sa iba’t ibang propesyonal na ginawa para sa maraming organization sa buong daigdig. Ginamitang kaalaman ito upang ilakip ang mahahalagang kahilingan sa etika na makabuluhan sa iba’t ibang kultura sa buong daigdig. Ang mga miyembro ng mahalagang komiteng ito ay karapat dapat sa pantanging pagkilala dahil sa kanilang mga pagsisikap, propesyunalismo, at atensyon sa detalye.

## Mga myembro ng Komite sa Etika ng IBAO

- Jessica Kelly, M.S., BCBA, IBA – Switzerland
- Steffi Schuldt, Dipl. Psych., BCBA, IBA – Germany
- Hira Khan, M.Ed, RBT, IBT – Egypt/Pakistan
- Fan Yu Lin, Ph.D., BCBA-D, IBA – China
- Julianne Bell, MSc – UK, BCBA, IBA
- Alexandra Wiegand, MS, MBA, BCBA, IBA – Bahrain
- Akanksha Chhettri, MA, BCBA, IBA – Ghana
- Marija Stosic, M.A., SLP – Serbia
- Rachel Arnold, M.Ed – South Korea
- Veronica Sirbu, MA – Republic of Moldova
- Ross Leighner, MA, IBA – Australia
- Henriette Brandtberg, MSc Psych, IBA – Denmark
- Mohammed M. Al-Hammouri, Ph.D., IBA, CHPE, RN – Jordan
- Orsolya Ujhelyi-Illes, MS, BCBA, IBA – Hungary
- Michael M. Mueller, Ph.D., BCBA-D, IBA – United States




Ang International Behavior Analyst Organization's Ethical Guidelines ay binubuo ng tatlong mahahalagang bahagi: Ang mga Tuntunin, Ang Huwaran sa Paglutas ng Suliranin sa Etika, at ang Addendum ng mga halimbawa sa kultura at relihiyon ng paggamit ng modelong paglutas sa problema at iba't ibang interpretasyon ng mga mismong alituntunin. Gaya ng patuloy na paglawak ng alituntunin, ang etika ay hindi lagging malinaw at hindi laging magagamit sa lahat ng kalagayan sa gayunding paraan. Hiling ng bawat IBA at IBT na maunawaan at magamit ang mga alituntunin sa lahat ng pitak ng kanilang buhay bilang isang propesyonal.



Ang mga  
Panuntunan sa  
Etika



Ang Huwaran  
sa Paglutas ng  
Suliranin sa  
Etika



Ang Pagsulong ng  
mga Halimbawa at  
mga Interpretasyon


## Preambulo

Itinatag ng International Behavior Analysis Organization (IBAO) ang sumusunod na mga simulaing etikal upang gabayan ang gawain ng mga Tagasuri ng Internasyonal na Paggawi (IBAs) at ang mga Internasyonal Behavior Therapists (IBTs). Ang mga propesyonal na may kredensyal sa ilalim ng IBAO ay inaasahang magtataguyod ng pinakamataas na etikal na pamantayan sa kanilang gawain, propesyonal na mga kaugnayan at pakikipag-ugnayan sa publiko upang pangalagaan ang mahihina at katawanin ang larangan ng Applied Behavior Analysis (ABA) sa pinakamakataong paraan. Yaong mga may kredensyal sa pamamagitan ng IBAO ay hinihiling na sa sumunod sa sa mga sumusunod na Etikal na mga Alituntunin sa lahat ng panahon sa kanilang propesyonal na gawain.

Ang paglalathala ng mga sumusunod na Etikal na mga Panuntunan ay isang patotoo ng mga pamantayan na dapat makamit ng mga may kredensyal na tinipon sa pamamagitan ng IBAO. Ang kabatiran ng publiko sa ating mga simulaing aspirasyonal ay nagtatakda ng mga inaasahan paggawina sinasang-ayunan ng bawat IBA at IBT na sinusunod ng mga ito sa kanilang pagsisimula ng pagsasanay sa sertipikasyon at pangangasiwa at hangga't pinapanatili ang katibayan ng pagkakakilanlan.

Ang gabay sa Etika ng IBAO ay mga direktiba na magagamit sa iba't ibang sitwasyon. Ang mga panuntunang ito ay dapat na gamitin upang ipagsanggalang ng mga consumer, gayundin upang ipagsanggalang ang larangan ng ABA, IBA/IBT, at lahat ng posibleng may layunin sa larangan. Iginaya ng IBAO ang Modelo ng Paglutas ng Suliranin sa Etika batay sa ginawa nila Rosenberg at Schwartz (2018). Sa halip na mahigpit na pagsunod sa mga tuntunin sa etika sa lahat ng kalagayan sa lahat ng panahon, ang IBA/IBT ay dapat gumamit ng isang modelong sentidokomun (na may kalakip na mataas na personal/etikal na pamantayan) upang magpasya kung ano ang gagawin sa iba't ibang kalagayan kung saan ang iba't ibang giya ay waring nagkakasalungatan. Ang Etikal na Panuntunang ito, sa kabuuan, ay dapat sundin sa lahat ng panahon. Gayunpaman, ang pagsunod sa kanila ay maaring magbago sa pamamagitan ng konteksto at kalagayan. Ang Modelo sa paglutas ng Problema ay isang halimbawa kung ano ang gagawin sa dulo ng Panuntunan sa Etika. Pananatilihin ng IBAO ang isang ethics committee na binubuo ng mga consultant na maaring makausap upang tumulong sa paghanap ng lunas na pinakamabti sa lahat ng nasasangkot.

*Rosenberg, N.E., Schwartz, I.S. Guidance or Compliance: What Makes an Ethical Behavior Analyst?. Behavior Analysis Practice 12, 473-482 (2018).*



## 1. Itaguyod ang mga Karapatan at Dignidad ng Kliyente

1.1 Dapat igalang ng mga sertipikado ang mga kliyente at panalihin ang dignidad ng mga kliyente sa lahat ng panahon. Ang mga kagustuhan ng mga kliyente ay dapat isama kalianma't maari. Lahat ng paglilingkod ay dapat gawin nang may pagkahabag.

1.2 Huwag makapinsala/ Proteksyon ng kliyente. Lahat ng mga interaksyon at mga serbisyo ay dapat na iharap na maingat upang pangalagaan ang mga kliyente mula sa pinsala. Ang mga may sertipikasyon ang may pananagutan sa paghatid ng mga serbisyo sa paraan na aakay sa positibong mga pagbabago para sa kliyente at sa kanilang kapaligiran at upang mapataas ang kanilang emosyonal na kapakanan.

1.3 Kapag nagpapasya hinggil sa paggamot, ang mga interbensyon ay dapat na pinakamabisa ngunit di gaanong mapanghimasok.

1.4 Dapat pag-usapan ng mga may sertipiko ang mga panganib at benepisyo ng mga serbisyo at kumuha ng nasusulat na pahintulot para sa mga serbisyo, pagtatasa ng paggawi, mga interbensyon sa paggawi, pagpapalitan ng kompidensyal na impormasyon, mga pagbabago sa serbisyo, audio o video recording, at pagbabahi ng data.

1.5 Ang mga may sertipikasyon ay iginagalang ang pagiging kumpidensyal ng kliyente at pinoprotektahan nito ang pagiging pribado ng kliyente. Ang pagsira sa pagiging kompidensyal ay dapat lamang mangyari kapag may pinaghihinalaang pang-aabuso/kapabayaang, medical na pangangailangan (hal., pag-uulat ng isang pagsusuri sa panahon ng medical na kagipitan), kapag ang kliyente ay nakaharap sa napipintong panganib, o kapag legal na obligado. Kung kinakailangan ng batas na mabali ang pagiging kompidensyal, ang sertipikado ay makakapaglabas lamang ng mga kaugnayan na impormasyon.

1.6 Nag-iimbak ang mga sertipikado ng mga rekord na kumikilala ng mga impormasyon na ligtas sa loob ng hindi bababa sa 7 taon at mas mahaba kung ididikta ng local na regulasyon. Maaaring kasama sa mga record na ito ang mga pagtatasa, direktang pakikipag-ugnayan sa mga kliyente gaya ng pagkuha ng mga nobelang obserbasyon, mga sumaryo pagkatapos ng sesyon, mga panayam sa tagapag-alaga, atbp. Gayundin ang dokumentasyon tungkol sa organisasyon, pananalapi, at kontraktuwalisasyon. Ang mga kliyente ay may karapatang i-access ang kanilang mga record at ang kanilang pagsang-ayon upang ang kanilang mga record ay maibahagi sa ibang mga Partido (hal., kasangkot na mga propesyonal)

## 2. Igalang ang Pagkakaiba-iba

2.1 Ang mga may sertipikasyon ay nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng mga tao, na gumagawa ng mga pasya na may kaugnayan sa paglalaan ng paglilingkod nang hindi nagtatangi laban sa anumang kapansanan, lahi, nasyonalidad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, rehiliyosong paniniwaka, edad, o katayuan sa lipunan at kabuhayan. Pantay-pantay ang trato ng mga srtipikado sa mga kliyente at paglapit sa bawat kliyente bilang isang indibiduwal upang matugunan ang espesipikong pangangailangan ng taong iyon.

2.2 Iginagalang ng mga sertipikado ang kultural na mga gawain na naiiba sa kanila. Kapag nagtrabaho kasama ng mga iba pang propesyonal na may mga paniniwala, pamantayan at kultur ana naiiba kaysa sa mga may sertipiko, kakailanganin ang pagsisikap upang matiyak na ang mga serbisyo ay inilaan taglay ang pag-unawa, pagpaparaya, at paggalang sa mga pagkakaibang iyon. Nauunawaan ng mga may sertipiko ang kanilang pananagutan na suriin at alisin ang personal na pagtatangi na maaringmakahadlang sa makatuwirang paglalaan sa paglilingkod.

2.3 Anuman ang mga pagkakaiba sa pagitan ng kliyente at ng sertipikado, ang mga may sertipiko ay dapat na laging magsikap na maging makatuwiran at maglaan ng isang mataas na kalidad ng pangangalaga na may ganap na propesyonalismo. Kung sa anumang dahilan ay hindi gumagana ang pagtutol o paghatol, dapat na muling isaalang-alang ng mga may sertipiko ang kanilang paglalaan ng mga serbisyo.

## 3. Kakayahan at Kahusayan

3.1 Ang mga may sertipikasyon ay tapat at nagtataguyod ng katangiang ito sa paghahatid ng serbisyo, sa propesyonal na mga ugnayan, at sa negosyo at komersyal na mga gawain.

3.2 Ang mga may sertipikasyon ay nagpapakita ng integridad sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo na umaasa sa mga resulta ng pananaliksik, datos, at teoriya ng paggawi na sinuring peer-review upang ipabatid ang mga desisyon sa paggamot.

3.3 Priyoridad ang Kaligtasan. Ang mga serbisyo ay dapat na ligtas na maibigay para maprotektahan ang mga kliyente. Kung ang kaligtasan ng kliyente ay nasa panganib, ang sertipikado ay ihihinto ang kasalukuyang serbisyo at gagawin ang lahat ng mga kinakailangan habang para malunasan ang hindi ligtas na kalagayan bago magpatuloy ng mga serbisyo. Batid ng mga nagbibigay ng serbisyo na sertipikado ang posibleng hangganan ng mga namagitan sa paggawi.

3.4 Ang mga may sertipikasyon ay gumagalaw sa loob ng hangganan ng kakayahan/kahusayan. Ang mga ito'y naglalaan lamang ng mga paglilingkod na kasuwato ng kanilang edukasyonal, nababantayang pagsasanay, at karanasan. Kung ang sertipikado ay nagsasagawa ng pagsasanay na labas sa kasanayan ng pagsasanay, kinakailangan nya na kumuha ng karagdagang pagsasanay at pangangasiwa.

## 3. Kakayahan at Kahusayan (pagpapatuloy)

3.5 Pasulungin ang Kakayahan/Itaguyod ang Kahusayan. Dapat na patuloy na sikapin ng mga nagbibigay ng sertipiko na mapasulong ang kanilang kaalaman batay sa pagsusuri sa paggawi at sa etikal na pagpapatupad ng mga serbisyo. Magtaguyod ang mga may sertipikasyon ng pag-aaral at pagmantine ng mga propesyonal na paksa sa pamamagitan ng inaprubahang mga kaganapan sa Continuing Education (CE). Itinataguyod ng mga sertipikasyon ang iba pang paraan ng pag-eendorso, higit pa sa hinihiling na mga pangyayari sa CE, upang manatiling napapanahon sa larangan at sa etika.

3.6 Siyentipikong Gawain. Ang mga may sertipikasyon ay gumagawa ng salig-sa-datos na mga pasya sa pagtatasa ng paggawi, pagbabago ng panggawi, at sa lahat ng iba pang gawain ng pagsusuri sa paggawi. Lahat ng pagtatasa, interbensyon at iba pang mga pamamaraan sa paggawi ay dapat na kunin mula sa teoriya sa pagsusuri sa paggawi o inilathala ng literature tungkol sa pagsusuri sa paggawi. Ang mga may sertipikasyon ay dapat na umasa sa paggamit ng isahang-kasong ekperimental na mga disenyo sa pananaliksik at sa gawa upang ang mga impormasyon ay masuri na may kaugnayan sa mga sukat para sa paggawa ng desisyon.

## 4. Pamamahala, Pangangasiwa, at Pagsasanay

4.1 Ang mga may sertipikasyon ay may tungkulin na pangasiwaan ang iba, may kredensyal man o walang kredensyal, na may paggalang, pangangalaga, at pagkamakatarungan. Dapat itaguyod ng mga may sertipikasyon ang larangan ng ABA sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga kandidato ay hinuhubog upang maging mga may kaalaman, at etikal na mga sertipikado mismo.

4.2 Upang mapabilis ang paglago ng larangan ng ABA sa buong daigdig, ang mga nagbibigay ng sertipikasyon ay hinihimok na maglaan ng mababang halagang payo ay propesyonal na tulong. Ang halaga ay dapat na pagpasyahan sa pamamagitan ng unti-unting pagsasaalang-alang sa rehiyon at mga isyu sa kita ng bagong sertipikadong mga IBA at IBT.

4.3 Ang mga kandidato ay binibigyan ng pagsasanay na tumutugon sa inaasahang oras ng pangangasiwa katugma ng mga pamantayan ng IBAO.

4.4 Ipinaalam ng mga may sertipikasyon na naglalaan ng pangangasiwa ang ugnayang pangpangasiwaan sa kliyente at sa iba pang mga may tungkulin.

4.5 Ang mga may sertipikasyon ay angkop na nagrerekord ng mga kahilingan sa pangangasiwa at dokumento ng "sign candidate" kapag naabot na ang mga tunguhin.

4.6 Ang mga may sertipikasyon ay namamanihala lamang sa gawain ng iba na nasaklaw ng kanilang kakayahan.

4.7 Kung sa anumang pagkakataon ay makita ng isang sertipikado ang kanilang kandidato na gumagawa ng gawi nang hindi naaayon sa etika, sinasadya man o hindi, ang may katiwalang ito ay obligadong itawag pansin ito sa kandidato sa maayos na pananalita. Isang resolusyon ang dapat na makita o ang propesyonal na ugnayan ay dapat na tapusin. Tinitiyak ng sertipikasyon na ang pagsasanay ay nakatutugon sa mga kahilingan ng mga layunin o sertipikasyon ng kandidato.

## 5. Pananagutang Panlipunan

- 5.1 Ang mga may sertipikasyon ay gumagamit ng tumpak na mga pangungusap sap ag-aanunsyo at kumakatawan lamang sa posibileng mga resulta na tapat at kapuri-puri sa maaring ibunga.
- 5.2 Kapag ginagamit ng mga nagbibigay ng sertipikasyon ang mga komento ng tumatanggap ng serbisyo o publiko bilang bahagi ng pag-aanunsyo, ang mga repasong iyon ay hindi binabago at kumakatawan sa mga resulta ng lahat ng mga repasong nakolekta.
- 5.3 Kung gagamitin ng mga may sertipikasyon ang mga pahayag pangmadla sa pag-aanunsyo, dapat mag-ingat upang matiyak na ang sertipikasyon ay wala sa kalagayang ikinokompromiso ng kanilang layunin may kaugnayan sa paglalaan ng serbisyo.
- 5.4 Kung ang mga larawan o video ng mga menor-de-edad ay ginagamit sa pag-aanunsyo, ang mga karapatan ng kliyente at ang emosyonal na epekto ng mga larawang iyon at mga video na ipino-post online ay dapat isaalang-alang upang panglagaan ang paksang mga larawan o video sa kasalukuyan at panghinaharap na mga kalagayan.
- 5.5 Ang mga may sertipikasyon ay wastong nagpapaaninaw at magdidisplay ng kanilang karapat-dapat na kredensyal at gagamit lamang ng mga kredensyal na natamo sa mabuting katayuan.
- 5.6 Dapat itaguyod ng mga may sertipikasyon ang etikal na kultura sa pamamagitan ng pagpapakita ng etikal na paggawi at kung angkop, at pagtulong sa iba na kilalalanin ang higit pang etikal na paraan ng paggawi.
- 5.7 Tinitiyak ng mga may sertipikasyon na ang mga post sa social media ay hindi lumalabag sa anumang etikal na panuntunan kabilang ang ngunit, hindi limitado sa client privacy at confidentiality rights.
- 5.8 Ang mga may sertipikasyon ay nagpapakilala sa angkop na mga paraan para sa mag mamimili na ipahayag ang kanilang mga ikinakabahala.
- 5.9 Kung ang mga tumatanggap ng serbisyo ay nag-aalala at nagsasabi ng mga komento, tinatanggap ito ng mga may sertipiko sa propesyonal na paraan at hahanap ng paraan upang lunasan ang kalagayan sa pinakamabuting kapakanan ng kliyente.
- 5.10 Ang mga may sertipikasyon ay gumagamit lamang ng intelektuwal na katangian ng IBAO at iba pang mga organisasyon na may pahintulot at kasuwato ng local na mga batas na umuugit sa gayong paggamit. Ang mga tanong tungkol sa paggamit ng intelektuwal na ari-arian ng IBAO ay dapat na iukol sa [ifo@theibao.com](mailto:ifo@theibao.com)



## 6. Propesyonal na mga Ugnayan

- 6.1 Kinikilala ng mga may sertipikasyon ang “kliyente” bago ihatid ang mga serbisyo at ipinaalam sa kliyente ang lahat ng panig. Binibigyang-kahulugan ng mga may sertipikasyon ang “kliyente” bilang sukdulang tumatanggap ng mga serbisyo, hindi bilang ang taong nagbabayad para sa mga serbisyo.
- 6.2 Maaaring maging kliyente ng mga serbisyo ng IBA ang mga organisasyon. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyong ibinibigay sa isang organisasyon kung ang organisasyon na ito ang kliyente, ngunit hindi lamang ito limitado sa, pagsasanay ng mga kawani, mga programa upang madagdagan ang produksyon sa opisina, at pagsasanay sa kaligtasan na may kinalaman sa pag-uugali.
- 6.3 Ang mga may sertipikasyon ay nagtrabaho sa ikabubuti ng kanilang kliyente. Ang mga may sertipikasyon ay nagkakaroon lamang ng mga ugnayan na hindi nagsasamantala.
- 6.4 Dapat malaman ng mga may sertipikasyon na ang ilang dalawahang kaugnayan ay maaring maging problema at limitahan ang pagiging di-karapat-dapat sa probisyon ng serbisyo. Kung umiiral ang mga uring iyon ng dalawahang kaugnayan, ipinapaalam ng mga may sertipikasyon sa lahat ng kasangkot ang potensyal na pagmulan ng alitan dahil sa magkakaibang interes at impluwensya. Kung ang pagiging di-makatuwiran ay napinsala, ang propesyonal na kaugnayan ay kailangan muling isaalang-alang.
- 6.5 Ang mga may sertipikasyon ay gumagalang at nagpaparangal sa contractual obligations, legal na mga obligasyon, at mga obligasyon ng korporasyon sa kanilang mga amo, sa kanilang mga lugar ng negosyo, at nauugnay sa probisyon ng paglilingkod.
- 6.6 Ang mga may sertipikasyon ay nakikibahagi at nakikipagtulungan sa mga propesyonal sa iba pang mga pangkat sa ibang disiplina at panggagamot, na inuuna ang pinakamabuting interes ng kliyente.
- 6.7 Kapag ang mga may sertipikasyon ay nagkaroon ng contractual na kaugnayan sa mga kliyente o iba pang partido, ang mga halagang may kaugnayan sa kontrata, pinansyal na kaayusan, at iba pang pangkaugnay na pinansyal na aspeto ay pinag-uusapan bago ang probisyon sa paglilingkod.
- 6.8 Hinahamon ng mga may sertipikasyon ang mga maling gawain at maling paggawi ng mga indibidwal at mga organisasyon hangga't maaari. Ang mga hamon ay maaaring maging berbal, isinulat, o iulat. Ang mga sertipikado ay gumagawa ng mga hamong ito upang mapanatili ang kabanalan ng larangan ng ABA kaya ito'y ginaganap sa pinaka-mabuting paraan sa paningin ng publiko.
- 6.9 Tinitiyak ng mga may sertipikasyon ang angkop na propesyonal na mga hangganan sa iba't ibang paraan.
- Kung ang kliyente ay isang indibidwal na tuwirang nakikinabang sa mga serbisyo ng sertipikasyon, panatilihin ang isang platonikong kaugnayan sa indibidwal na iyon sa loob ng di-kukulanging dalawang taon pagkatapos na magwakas ang serbisyo.
  - Panatilihin ang platonikong kaugnayan sa mga tagapag-aruga ng kliyente hanggang sa ang propesyonal na kaugnayan sa kliyente ay mawakasan na.
  - Kung ang kliyente ay isang organisasyon, panatilihin ang platonikong mga kaugnayan sa mga nasa organisasyon hanggang sa ang propesyonal na kaugnayan ay matapos.

## 7. Pananagutan sa Sarili ng Maygawa

7.1 Sa pagsasaalang-alang ng mga panuntunang ito, ang sariling interes ng may sertipikasyon ay nanggagaling sa mga kapakanan ng publiko, ng kliyente, ng lahat ng posibleng may hawak ng Seguro, at ng larangan ng ABA. Ang pagpapasya ay dapat na magpabanaag sa kaayusang ito ng kahalagahan.

7.2 Kapag may mga pangyayaring hindi inaasahan kung saan ang sertipikado ay hindi maaring maging makatuwiran sa paglalaan ng serbisyo o propesyonal na mga ugnayan, pananagutan ng may sertipiko na kilalanin ang mga kalagayang ito at humanap ng solusyon na nagpapanatili sa dignidad ng kliyente at ng lahat ng stakeholders gayundin ang pangangalaga sa larangan.

7.3 Ang mga sertipikado ay nagreresolba sa mga sitwasyon kung saan nakompromiso ang pagiging makatotohanan sa pamamagitan ng pansamantalang transitionong services sa isa pang provider o permanente, inererekomenda ang mga alternatibong provider, nang sumangguni sa mga tagasuri ng pagkilos na mas makaranasan sa mga tukoy na isyung kinakaharap o tumatanggap ng superbisyon sa pamamagitan ng isyung nagiging sanhi ng kawalan ng layunin

## 8. Pananaliksik at Publikasyon

8.1 Ang may kabatirang nasusulat na pagsang-ayon ay kailangang makuha sa lahat ng mga kalahok bago makibahagi sa mga gawaing pananaliksik. Ang pagiging kompidensyal ng lahat ng mga kasali sa pananaliksik ay kailangang panatilihin.

8.2 Ang mga kalahok ay dapat na bigyan ng paliwanag tungkol sa kanilang pagkakasangkot at kung paano ihihinto ang kanilang pagkasangkot anumang oras at sa anumang dahilan.

8.3 Pagkatapos ng pagsasaliksik, dapat na maganap ang mga paliwanag kung saan ipinapaliwanag ang mga resulta ng pananaliksik at isinisiwalat ang anumang paggamit ng panlilinlang.

8.4 Institusyunal o local na mga komite sa internal review ang kailangan sumang-ayon sa anumang proyekto sa pananaliksik bago ang recruitment ng mga kalahok.

8.5 Ang kredito sa paglalathala ay dapat na wastong magpabanaag sa mga awtor upang makatulong.

8.6 Ang mga impormasyon ay dapat na wastong maiharap sa lahat ng mga kalagayan na isinasagawa at kapag naghaharap ng resulta ukol sa pananaliksik.

8.7 Ang mga may sertipikasyon ay kumakatawan lamang sa kanilang orihinal na gawa bilang kanila. Ang wastong pagbanggit sa gawa ng iba ay dapat sumunod sa kasalukuyang mga pamantayan ng larangan sa ABA at sang-ayon sa pinakabagong bersyon ng pambansang mga panuntunan ng sikolohikal na lupinin na umuugit sa bansa kung saan nagaganap ang pananaliksik o pagsusulat.

## Paglutas sa mga Isyu sa Etika Gamit ang Isang Huwaran sa Paglutas ng Problema

Sa proseso ng paglalaan ng mga serbisyo sa ABA, maaaring magkaroon ng ilang sitwasyon kung saan hindi matiyak sertipikado kung paano magpapatuloy bilang resulta ng nagkasalungatang mga panuntunan sa etika. Pinareresolba ng mga sertipikasyon ang mga "dilemma" na ginagamit ang Ethical Problem Solving Model batay sa modelong inilarawan nina Rosenberg at Schwartz (2018). Kasali sa modelong ito ang pagkilala sa problema at kaugnay na mga isyu, pagkakaroon ng posibleng mga solusyon, pagsusuri sa mga solusyong iyon, at pagpapatupad ng napiling solusyon.

**Sa mga kalagayan kung saan ang sertipikado'y nagaaway, ang nagbibigay sertipiko ay dapat:**

1. Alamin na may pagkakasalungatan. Unawain kung aling mga tuntunin ang maaring nagkakasalungatan.
2. Makipag-usap sa mga katrabaho, kliyente, o tagapag-alaga kung kinakailangan.
3. Gumawa ng listahan ng posibleng mga solusyon
4. Pag-usapan o suriin ang mga solusyon sa mga katrabaho, kliyente, o tagapag-aruga kung kinakailangan at sumang-ayon sa isang solusyon.
5. Ipatupad ang napiling solusyon.
6. Suriin ang iyong pasya at ang mga resulta at ibahagi sa mga nakonsulta sa paglutas ng problema.

## Paglutas sa mga Isyu sa Etika Gamit ang Isang Huwaran sa Paglutas ng Problema

Bilang halimbawa, isang IBA ang nagpapatupad ng isang saligang programa sa pangangasiwa sa paggawi upang bawasan ang agresyon ng bata na pinapagtibay ng pagtakas sa mga tungkulin. Nang nagpapatupad ng tatlong hakbang na paraan upang tiyakin ang pagsunod at hadlangan ang pagtakas, ang bata ay nagsimulang umiyak nang malakas, isang paggawi na hindi bahagi ng repertoire/kasaysayan ng bata.

Dahil sa inaakala ng IBA na maaaring may pagkakasalungatan, ipinasya niyang gamitin ang huwaran sa paglutas ng problema, pasimula sa **“Unang hakbang, alamin na may mga pagkakasalungat. Unawain kung aling mga alituntunin ang nagkakasalungat.”** Nakadama ng alitan ang IBA sa pagitan ng Panuntunag Etika na nagpapayo na **“Huwag manakit”** at ng Panuntunan sa Etika na gamitin ang **“Makasiyentipikong Gawain”** na sumusuporta sa ganitong uri ng nakapagpapatibay na mga pagkilos upang pangasiwaan ang matinding paggawi. Kapwa ang Etikal na mga Panuntunang ito ay makatarungan at makatuwiran subalit sa kalagayang ito, waring nagkakasalungat ang mga ito sa paano man.

Bilang bahagi ng **ika-2 hakbang, “Makipagtalakayan sa mga kasamahan, sa kliyente o sa tagapag-aruga kung kinakailangan.”** Habang sinasangguni ng IBA ang isang kapwa tagasuri ng paggawi, inilarawan ang kalagayn at ang kanyang damdamin ng posibleng pagkakasalungat. Sa pamamagitan ng pag-uusap na iyon sa kanyang kasamahan, nagpatuloy siya sa **ika-3 hakbang, “Gumawa ng isang listahan ng posibleng mga solusyon.”** Gumawa siya ng listahan ng posibleng mga solusyon na kinabibilangan ng : ihinto ang paggamot at subukin ang iba, ihinto ang paggamot nang sama-sama at hayaang takasan ng bata ang mga demand, o ipagpatuloy ang orihinal na paggamot.

Para sa **ika-4 na hakbang, “Pag-usapan o suriin ang mga solusyon sa mga kasamahan, sa kliyente o tagapag-aruga kung kinakailangan at sumang-ayon sa isang solusyon.”** Isa-isa nyang sinuri ang posibleng mga solusyon. Para sa unang mapagpipilian na sumubok ng isang bagong interbensyon, tinimbang nya ang panahon na kakailanganin upang magdisenyo, makakuha ng pahintulot, at ang mga kawani na magpapatupad ng bagong interbensyon na maaaring magkaroon ng gayunding resulta. Hindi nya inisip na itatakwil nito alinman sa mga Panuntunang Moral at inaakala niyang babalik sya sa gayunding kalagayan, samantalang inaantala ang kinakailangan interbensyon. Pagkatapos ay isinaalang-alang nya ang ikalawang opsyon ng lubusang paghinto sa paggamot. Ipinasya nya na bagaman ito ay malamang na magbunga ng hindi gaanong pag-iyak, hindi nito mababawasan ang pananakit ng bata sa iba, at malamang na lumabag ito sa iba pang Etikal na mga Tuntunin na sinamay nyang sundin. Sa wakas, isinaalang-alang niya ang ikatlong mapagpipilian, patuloy sa orihinal na paggamot. Batid nya buhay sa nakaraang karanasan at mula sa pagsangguni sa iba pang mga IBA na ang negatibong pagtugon sa emosyon kapag hindi nilipol ay karaniwan at panandalian lamang kung ipapatupad nang may positibong pampatibay-loob na gaya ng ginagawa nya sa kanyang planong interbensyon. Ginamit din nya ang kaniyang mabuting pasya upang magpasya na ang “Huwag gumawa ng masama” ay hindi dapat bigyan ng kahulugan na “huwag kailanman pagmulan ng anumang paghihirap.” Mas makapipinsala sa bata na patuloy na maging agresibo at mawalan ng mga pagkakataon para sa mga karanasan sa edukasyon bilang isang resulta.

Para sa **ika-5 hakbang, “Ipatupad ang napiling solusyon”**, pinili ng IBA na ipagpatuloy ang paggamot na dati nyang binabalak, at isinagawa nya ito nang may katapatan.

## Paglutas sa mga Isyu sa Etika Gamit ang Isang Huwaran sa Paglutas ng Problema

Bilang bahagi ng **ika-6 na hakbang**, “**Suriin ang iyong pasya at ang mga resulta at ibahagi ito sa mga nakonsulta sa paglutas ng problema.**” Pagkatapos ng ilang araw na interbensyon, binulay-bulay nya ang kanyang pasya upang malaman kung tama ang pasya nya. Ang pagpapatupad ay nagbunga ng malaking kabawasan sa pananakit, ang kliyente ay uimyak lamang sa unang bahagi ng oras ng implementasyon, at ang mga tunguhing pang-edukasyon ay natugunan bunga nito. Ipinasya nya na iyon ay isang angkop na pagpili at natutuwa sya na sinunod ang simpleng Huwaran sa Paglutas ng Problema.